Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 30 SEPTEMBER 1996, IKA-9:00 NG UMAGA SA BARANGAY SAN RAFAEL, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

Present:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis - Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos
Kagawad Ferdinand V. Talens
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Ramil O. Dimapilis
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Eduardo G. Villamin - ABC President
Kagawad Randy P. Valencia - SK Chairman

Absent:

Kagawad Ranulfo G. Bernal
Kagawad Honesto O. Taytay

KAPASYAHAN BLG. 109
Taong 1996

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN RAFAEL, ROXAS, SILANGANG MINDORO AT SA MGA MAMAMAYAN NITO SA MAAYOS NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN AT STAFF SA PAGPUPULONG NA GINANAP SA NASABING BARANGAY.

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, minsan sa isang buwan ay magdaraos ng kanilang sesyon sa mga barangay;

SAPAGKA'T ang ikasampung pagpupulong na ito sa barangay ay ginanap sa Barangay San Rafael, Setyembre 30, 1996;

SAPAGKA'T ang nabanggit na pulong ay dinaluhan ng Sangguniang Barangay ng San Rafael at ng mga mamamayang nagnanais na maging makabuluhan ang pulong sa pamamagitan na rin ng pakikipag-diyalogo sa Sangguniang Bayan;

SAPAGKA'T ang maayos na pagtanggap at pagbibigay ng panahon ng pamunuang barangay ng San Rafael at ng mga mamamayan nito sa Sangguniang Bayan sa idinaos na pulong ay isang pagpapakilala ng malawak na kaisipan sa mga gawaing pampamahalaan at pangkaunlaran kung saan ang bawa't mamamayan, namumuno man o tagasunod ay may bahaging ginagampanan;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayang ito ay lubusang nagpapasalamat sa maayos na pagtanggap ng pamayanan ng San Rafael sa bumubuo ng Sangguniang Bayan at ng staff nito sa ginawang pagpupulong ngayong Setyembre 30, 1996.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Juanito A. Bacay, Jr. na sinang-
ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa Sangguniang Barangay ng San Rafael at sa mga mamamayan nito ang taospusong pasasalamat sa maayos na pagtanggap sa Sangguniang Bayan at Staff nito sa pagpupulong na ginanap ngayong Setyembre 30, 1996.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng San Rafael, Roxas, Silangang Mindoro sa pamamagitan ni Kgg. Domingo Gutierrez, Punong Barangay, para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay: 30 Setyembre 1996

CERTIFIED CORRECT:

VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:

JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor/
Presiding Officer

APPROVED:

GELACIO I. MASON
Municipal Mayor

merz/